
3

# Arts

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5:
## String Puppets




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Music – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 5: String Puppet**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ariel B. Arcena
**Editor:** Marivic O. Arro, Armando O. Aguilon , Neal Keith Gonzales, Reynaldo Deocampo, Arcel Gacasan
**Tagasuri:** Marivic O. Arro, Glofer Jane T. Ubando, Eduardo Jr. A. Eroy
**Tagaguhit:** Ariel B. Arcena
**Tagalapat:** Mariel D. Lumontad, Ariel B. Arcena, Djhoane C. Aguilar
**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Janette G. Veloso, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Jeselyn B. dela Cuesta, Reynante A. Solitario, Janwario E. Yamota, Djhoane C. Aguilar, Maria Perpetua Angelita G. Suelto, Reynaldo C. Deocampo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Arts

Ikaapat na Markahan – Modyul 5:
String Puppets

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Arts sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **String Puppets**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

## Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Arts sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) modyul ukol sa **String Puppets**!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

*Tayahin*

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

| | | |
|---|---|---|
| | *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| | *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa at sinulat para sa iyo. Ito ay makatutulong para sanayin ka sa larangan ng **puppetry**. Ang saklaw ng modyul na ito ay maaaring magamit sa ano man sitwasyon.

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakabubuo ng sariling kuwento at nabibigyang buhay gamit ang mga papet;
2. Nakamamanipula ng papet na naayon sa tamang paggamit at karakter sa kuwento (A3PR-IVf); at
3. Naipakikita ang pagpapahalaga sa tamang paggamit ng mga papet para makapagbigay saya sa mga manunuod.

## *Subukin*

Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.

1. Sino ang nagpapagalaw sa isang papet?

   a. Papet
   **b. Puppeteer**
   c. Tauhan
   d. Karakter

2. Ano ang tawag sa isang maiksing salaysay na naglalahad ng mahalagang pangyayari na kinabibilangan ng isa o ilan pang mga tauhan?

   a. Puppeteer
   b. Tauhan
   c. Kuwento
   d. Papet

3. Ang isang papet ay naipapagalaw sa pamamagitan nga ano?

   a. Braso
   b. Ulo
   c. Kamay
   d. a at c

4. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng tamang _______ naipapahiwatig ang damadamin ng iyong kuwento sa iyong mga manonood.

   a. Tauhan    b. Karakter    c. Papet    d. Kamay

5. Ang ________ tawag sa mahiwagang tauhan ng isang maikling kuwento na pinapagalaw ng isang puppeteer para magkaroon ng buhay.

   a. Tauhan    b. Papet    c. Karakter    d. Kuwento

| Aralin 1 | String Puppets |
| --- | --- |

Napag-aralan mo na ang iba't ibang uri ng papet at ang kahalagahan nito sa mga batang katulad mo.

Ang mga papet na ito ay mahiwagang tau-tauhan na tumatawa, umiiyak, tumatalon, lumulundag, at sumasayaw. Subalit kung wala ang puppeteer, hindi mabibigyang buhay ang mga ginawang papet.

## *Balikan*

Anong papet ang nagawa mo sa naunang mga aralin? Ano ang naramdaman mo sa paggawa ng papet? Naisipan mo ba itong gamitin bilang tauhan sa isang kuwento?

Ngayon ay balikan muna natin ang mga natutuhan mo sa nakaraang aralin.

Sagutin ang mga tanong at isulat sa sagutang papel ang titik ng iyong napiling sagot.

1. Ano ang tawag sa papet na gawa sa medyas?

   a. Papet sa Kamay
   b. Papet na Medyas
   c. Papet sa Daliri
   d. Papet na Patpat

2. Ano ang kailangan mo para makagawa ng isang **Hand Puppet**?

   a. Medyas
   b. Pandikit
   c. Gunting
   d. Lahat ng nabanggit

3. Ito ay isang uri ng maliit na manika na nakadikit sa daliri o mga daliri ng kamay.

   a. Papet na Patpat
   b. Papet sa Daliri
   c. Papet sa Kamay
   d. Papet na Medyas

4. Ano ang tawag sa isang uri ng pagtatanghal na gamit ang mga papet na nagsisilbing tau-tauhan sa isang palabas o kuwento?

   a. Puppetry
   b. Palabas
   c. Dula
   d. Lahat ng nabanggit

5. Ito ay isang uri ng papet na ginagamitan ng mga patapong bagay tulad ng patpat.

    a. Papet sa Daliri
    b. Papet na Patpat
    c. Papet na Medyas
    d. Papet sa Kamay

# Tuklasin

Sa ibaba ay isang maikling kuwento na isinulat ni Shuriney B. Kamid. Basahin mo ito at pansinin ang mga tauhan sa kuwento.

**"Ang Batang Mabait"**

Si Irene ang pinakamabait na bata sa kanilang eskwelahan. Marami siyang kaibigan at mga kakuwentuhan.

Akmang papasok pa lamang si Irene sa paaralan nang may makita siyang bata na humihingi ng pera sa kanya. Naawa si Irene ngunit ang pera niya ay nasa halagnag 50 piso lamang. Gusto sana niyang bigyan ito, ngunit may babayaran sila sa paaralan, 30 piso ang babayaran nila at ang baon naman niya ay 20 piso. Naawa talaga si Irene ngunit inisip niya na kung bibigyan niya ang bata paano naman ang baon niya wala siyang makakain sa paaralan.

Alam niyang kailangan ng bata ang pera para may pambili ng pagkain. Kaya  ibinigay ni Irene ang natitirang 20 piso na para sana sa baon niya dahil ito ang mas nakakabuti. Masaya si Irene na nakatulong siya sa kapwa niya kahit papaano.

Isinulat ni: Kamid, Shuriney B.

Patungkol saan ang kuwento? Mayroon ka bang napulot na aral mula sa kuwento? Sino-sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?

## Suriin

Napag-alaman sa kuwento sa itaas na mayroong dalawang pangunahing tauhan, si Irene at ang isang bata. Ang mga tauhang ito ay maaari mong bigyan ng buhay gamit ang iyong papet na nagawa sa nakaraang aralin.

Ang mga papet ay malaking tulong sa pagkukuwento at pagsasadula ng isang **drama** na tunay na kawili- wili at kasiya-siya sa mga bata. Ngayon ay gagawa ka ng sarili mong kuwento.

## Gawain 1

### Paggawa ng kuwento tungkol sa mga Pagpapahalagang Pilipino

Kagamitan: halimbawa ng mga papet, papel at bolpen

Pamamaraan:

1. Gumawa ng maikling kuwento na nagpapakita ng pagpapahalagang Pilipino.
2. Dapat nagtataglay ang iba't ibang tauhan ang kuwento na gagawin.
3. Ibatay ang kuwento ayon sa iyong sariling karanasan sa paglikha ng isang kuwento na nagpapakita ng pagpapahalagang Pilipino.
4. Gamitin ang mga papet na iyong ginawa bilang mga tauhan at karakter sa iyong maikling kuwento.
5. Pumili ng isa sa mga pamagat na nasa ibaba.

6. Ang gagawin mong kuwento ay tatagal lamang ng dalawang minuto.

7. Ang gawaing ito ay dapat matapos sa loob ng limang minuto lamang.

   i. Ang Mabait na Bata

   ii. Ang Matulunging Bata

   iii. Ang Masipag na Bata

**Paalala:** Humingi ng tulong sa iyong guro o kapamilya kung nahihirapan sa paggawa ng kuwento. Isulat ang kuwento sa isang papel

Sundin ang pamantayan sa ibaba sa pagmamarka ng iyong **output**. Gawin ito sa sagutang papel.

| Pamantayan | Lubos na kasiya-siya 5 | Kasiya-siya 4 | Kailangan ng pagsasanay 3 |
|---|---|---|---|
| 1. Ang paggawa ng kuwento ay pinag-isipang mabuti. | | | |
| 2. Ang mga tauhang papet na gagamitin ay naayon sa kanyang karakter sa kuwento | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3. Ang kuwentong nabuo ay nagbibigay larawan samgapagpapahalaang Pilipino. | | | |
| 4. Natapos ang paggawa ng kuwento sa itinakdang oras | | | |

# *Pagyamanin*

## Gawain 2

**Pagtatanghal sa kuwentong nabuo gamit ang mga papet**

Kagamitan: halimbawa ng mga papet, papet na daliri,

papet na patpat, papet na sako at papet na bag

Pamamaraan:

1. Ihanda ang mga papet na gagamitin sa pagtatanghal.
2. Hawakan o isuot ang mga papet at paggalawin ito gamit ang iyong mga kamay at braso.



3. Maari ring gumamit ng maiksing tali na nakakabit sa dalawang maliit na piraso ng kahoy na pormang ekis para paggalawin ang mga papet na gagamitin.



4. Ang pagtatanghal ay dalawang minuto lamang.
5. Tumawag ng miyembro ng pamilya para makapagbigay ng tapat at wastong marka pagkatapos ng iyong pagtatanghal.

Sundin ang pamantayan sa ibaba sa pagmamarka ng iyong **output**. Gawin ito sa sagutang papel.

| Pamantayan | Lubos na kasiya-siya<br>5 | Kasiya-siya<br>4 | Kailangan ng pagsasanay<br>3 |
|---|---|---|---|
| 1. Ang pagtatanghal ay pinagplanohang mabuti. | | | |
| 2. Ang mga tauhang papet ay nagpakita ng tamang galaw at damdamin sa tulong ng puppeteer | | | |
| 3. Ang presentasyon ay nagbibigay larawan sa mga pagpapahalagang Pilipino. | | | |
| 4. Ang pagpapagalaw sa mga papet ay malikhaing naisagawa sa paglalarawan ng tauhan. | | | |
| 5. Natapos ang pagtatanghal sa takdang oras na ibinigay ng guro. | | | |

## *Isaisip*

Ang mga papet ay malaking tulong sa pagkukuwento at pagsasadula ng isang drama na tunay na kawili- wili at kasiya-siya sa mga bata. Kailangang maging maingat sa paggamit at paghawak ng mga papet sa pagkukuwento upang maging epektibo at makahulugan ang pagtatanghal.

## *Isagawa*

Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Ilagay sa sagutang papel ang titik ng napili mong sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang hindi kasali sa pagpapagalaw ng papet?

   a. Kamay

   b. Paa

   c. Braso

   d. Tali

2. Ano ang tawag sa mahiwagang tauhan ng isang maikling kuwento na pinapagalaw ng isang puppeteer para magkaroon ng buhay?

   a. Tauhan
   b. Papet
   c. Karakter
   d. Kuwento

3. Ano ang tawag sa isang maiksing salaysay na naglalahad ng mahalagang pangyayari na kinabibilangan ng isa o ilan pang mga tauhan?

   a. Puppeteer
   b. Tauhan
   c. Kuwento
   d. Papet

4. Sino ang nagpapapagalaw sa isang papet?

   a. Papet
   b. Puppeteer
   c. Tauhan
   d. Karakter

5. Sa pamamagitang ng pagbibigay ng tamang ________ naipapahiwatig ang tamang damdamin ng iyong kuwento sa mga manonood.

   a. Tauhan
   b. Karakter
   c. Papet
   d. Kamay

## *Tayahin*

Punan ang mga patlang gamit ang mga salita na nasa kahon. Gawin ito sa papel.

| | | |
|---|---|---|
| Kamay | *puppeteer* | *maingat* |
| *puppet* | *tali* | |

1. Ang mga _________ ay malaking tulong sa pagkukuwento at pagsasadula ng isang drama na tunay na kawili- wili at kasiya-siya sa mga bata.

2. Ang isang ____________ ay nagsilbing instrumento para makagalaw at mabigyan ng buhay ang papet na iyong ginawa.

3. Nabibigyang buhay ang isang papet sa pamamagitan ng pagpapapagalaw gamit ang __________.

4. Ang ibang paraan sa pagpapapagalaw ng papet ay paggamit ng _____ na nakakabit sa dalawang pirasong kahoy na pormang ekis.

5. Upang maging epektibo at makahulugan ang agtatanghal sa kuwento, kinakailangan maging ____________ sa paggamit ng mga papet.

# *Karagdagang Gawain*

Magsaliksik ng popular na mga kuwentong bayan at buuin ito. Pagkatapos, bigyang buhay ang nabuong kwento sa pamamagitan ng paggamit ng papet. Itanghal ito sa iyong mga kaibigan o kapamilya.

Sundin ang pamantayan sa ibaba sa pagmamarka ng iyong output. Gawin ito sa sagutang papel.

| Pamantayan | Lubos na kasiya-siya<br>5 | Kasiya-siya<br>4 | Kailangan ng pagsasanay<br>3 |
|---|---|---|---|
| 1. Ang pagtatanghal ay pinagplanuhang mabuti. | | | |
| 2. Ang mga tauhang papet ay nagpakita ng tamang galaw at damdamin sa tulong ng puppeteer | | | |
| 3. Ang presentasyon ay nagbigay-larawan sa mga pagpapahalagang Pilipino. | | | |
| 4. Ang pagpapagalaw sa mga papet ay malikhaing naisagawa sa paglalarawan ng tauhan. | | | |
| 5. Natapos ang pagtatanghal sa takdang oras na ibinigay ng guro. | | | |

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Isagawa | Tayahin |
|---|---|---|
| 1. B | 1. B | Puppet |
| 2. C | 2. B | puppeteer |
| 3. D | 3. C | Kamay |
| 4. B | 4. B | Tali |
| 5. B | 5. B | Maingat |

# *Sanggunian*


K-12 Curriculum Grade 3 Kagamitan ng Mag-aaral – MAPEH in Action Sinugbuanong Binisaya, pahina 219 - 222

K-12 Curriculum Grade 3 Teacher's GUide – MAPEH in Action, pahina 198 - 200

https://en.wikipedia.org/wiki/Puppet

https://howtoadult.com/parts-marionette-5367549.html

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph